## Isang Pager at Agenda

“Nasasaktan ang ating lungsod, at sabik tayo sa pagbabago. Walang bagong bagay na nailantad ang mga demonstrasyon nitong mga nakaraang linggo hinggil sa katarungang panlahi -- inilatag nito ang agaran at matagal na kahilingang tapusin ang pagtataguyod ng lahi o structural racism.”

Alkalde Erc Garcetti
Ehekutibo utos 27
Hunyo 19, 2020

Bilang pagkilala sa Direktiba ng Ehekutibo 27 Alkalde na nakatuon na matamo ang pagkakapantay-pantay ng lahi sa pamahalaang lungsod, nagsasaayos ang City Planning Commission (CPC) (Pamunuan sa Pagpapaplanong Lungsod) ng natatanging pagpupulong sa Enero 21, 2021 simula ika-9 ng umaga hanggang ika-2 ng hapon para pakinggan ang mga mamamayan ng Los Angeles at malaman mismo nito ang tungkol sa mga kakulangan pagdating sa pagkakapantay-pantay kaya nagkakaroon ng kinikilingan ang proseso ng Lungsod sa pagpaplano at paggamit ng lupa. Naniniwala ang CPC na ang pagkakapantay-pantay ay hindi lamang ang pagbibigay sa mga tao ng kanilang kailangan upang magtagumpay, kundi kilalanin din na ang nagbabagong antas ng suportang ibinibigay ay dapat nakadepende sa pangangailangan para makamtan ang mas malaking patas na mga resulta. Ang hangarin ay mapakinggan ang sasabihin ng mga residente mula sa lahat na parte ng lungsod, at partikular, ang mga taong hindi pinagsasalita dahil sa mga gawaing pagbubukod noong nakaraang panahon. Ang pagtutok ay sa pagtuklas ng mga hamon, pati na ang mga oportunidad, na mapahusay ang pagharap bilang isang lupon na gumagawa ng desisyon na siyang tumutulong na matamo ang higit na pagkakapantay-pantay na mga resultang nakasentro sa mga pinahahalagahang ito:

- **Boses ng komunidad.** Bigyan-diin ang pakikinig sa mga taong tradisyonal na hindi pinapansin ang kanilang tinig.
- **Paglaya mula sa nakaraan.** Gumawa ng malaking hakbang upang baguhin ang sistema para maisagawa ang mga layunin na ating pagsisikapan na matamo.
- **Kaalaman ng kawani ng pagpaplano at lahat ng pamilya sa lungsod.** Tinitingnan natin ang ating mga katrabaho sa Pagpaplano at sa Lungsod bilang mga kasama sa prosesong ito.
- **Mga resultang kayang-kayang isagawa.** Paggawa ng mga patakaran mula sa prosesong ito na kayang umusad bagamat may mga kaunting hadlang.
- **Pagkamalikhain.** Buksan ang ating mga puso at isip sa pagkamalikhain na kailangan para matamo ang katarungan na siyang layunin natin.

Malaki ang impluwensya ng City Planning Commission sa mga paraang itinatag na kapaligiran na pinaunlad sa buong lungsod. Mula sa mataas na pananaw na ito kung kaya lumitaw ang pangunahing tanong at mga layuning ito: paano natin maisusulong ang patas na mga resulta para sa mga tao ng Los Angeles? Sa araw na ito, layunin nating:

- **Maunawaan kung paano naitatag ang tinatawag na structural racism (pagtataguyod ng lahi) sa ating kasalukuyang mga patakaran;**
- **Mapalakas ang mga boses ng mga taong higit na naapektuhan ng mga patakaran na may pagtataguyod ng lahi; at,**
- **Mapaunlad ang pagsisikap ng City Planning Commission sa laban sa pagtataguyod ng lahi at balangkas ng pagkakapantay-pantay na gagabay sa paggawa ng desisyon may kaugnayan sa mga proyekto at patakaran.**

## Mga Tatalakayin

**<u>Ang Unang Hakbang: Pakikinig sa Komunidad.</u>**
Naniniwala ang City Planning Commission (CPC) na ang pinakamahalagang pagmumulan ng impormasyon at patnubay sa aming mga pagsisikap ay ang mga taong higit na naapektuhan ng may kinikilingang patakaran. Ang mga halimbawa mula sa kanilang mga buhay at komunidad ay nagbibigay ng pinakamatibay na ebidensya na bigo ang ating sistema. Karagdagan pa, sa pamamagitan ng pagpapalalim ng kaalaman sa kung ano ang hindi tuwirang epektibo mula sa mga kinauukulang nakikinabang, matutuklasan ang mahahalagang pananaw hinggil sa mga posibleng solusyon. Naghahanap ang CPC sa prosesong ito, para ang walang batayang impormasyon ay masamahan ng pinag-isipang datos para lubusang maipakita ang mga sanhi ng hindi pagkakapantay-pantay, ang mga resulta at mga posibleng remedyo.

**Pambungad (ika-9 hanggang ika-9:15 ng umaga)**

**Paano Naaapektuhan ng Pagtataguyod ng Lahi ang Paggamit ng Lupain at ang Proseso ng Pagpaplano (ika-9:15 hanggang ika-10 ng umaga)**
Isang Malaking Pagkakabaha-bahagi; LA Equity Index
Ron Galperin, LA City Controller

Mga Sanhi ng Pagkakaiba-iba
Laura Muraida, SCOPE/Building Healthy Communities South LA

Hindi Pagkakapantay-pantay na Pagpaplano at mga Kinalabasan sa Paggamit ng Lupa
Faisal Roble, Pagpaplano ng Lungsod ng LA

**Komento ng Publiko (ika-10 hanggang ika-11 ng uamga)**
Magkakaroon ng 1 minuto para makapagsalita ang mga kabilang sa publiko para maparami ang bilang ng mga komento. Inaanyayahan din ang mga miyembro ng komunidad na magbigay ng mga komento sa pamamagitan ng survey na ito sa wikang Ingles, Espanyol, Tagalog, Koreano, Tsino, at Armenian.

**Pagbibigay-alam hinggil sa Kontra-Pagtatangi ng Lahi at Balangkas sa Pagkakapantay-pantay ng City Planning Commission (ika-11 ng umaga hanggang ika-12 ng tanghali)**
Pagpaplano ng Komunidad na Isinasaisip ang Pagkakapantay-pantay: Plano ng mga Tao - UNIDAD Coalition

Paggamit ng Lupa na Sumusuporta sa mga Nagtatrabahong Mahihirap - UNITE HERE

Pagtataguyod ng Pagkakapantay-pantay sa Pamamagitan ng Proseso ng Pagpapaunlad - Little Tokyo Konseho ng Komunidad

Mga Estratehiya ng Pagmamay-ari ng Komunidad - Unyon ng mga Nangungupahan sa LA

**Komento ng Publiko (ika-12 ng tanghali hanggang ikaw-1:30 ng hapon)**

**Pagsusumaryo + Opinyon (ika-1:30 hanggang ika-2 ng hapon)**

*Isasama sa kaganapang ito ang interpretasyon sa mga sumusunod na wika: Espanyol, Tagalog, Koreano, Armenian, at Tsino. Kapag hiniling, pwedeng magsaayos ang CPC ng mga tagapagsalin ng wikang pasenyas at pagsasalin mula sa Ingles tungo sa ibang mga wika na hindi nakatala na makukuha ng publiko. Lahat ng kahilingan ay dapat sabihin ng mas maaga na hindi bababa sa tatlong araw o 72 oras bago ang kaganapan o petsa ng pagpupulong. Para humiling ng mga accommodations o mga serbisyo ng pagsasalin-wika, o para sa iba pang mga katanungan, mangyaring makipag-ugnayan sa cpc@lacity.org. Mangyaring tandaan na ang iskedyul na ito ay maaaring magbago.*